8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kwarter 3

Aralin
4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 3: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Allan A. Ortiz. Phd, SMRIEdr, SMRIM- (Elizabeth Seton School - Las Pinas Campus)

**Tagasuri**:

- PNU-RITQ Development Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO / KUWARTER 3/ BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagigingmalikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Hapon at tekstong impormasyonal (persweysib) at editoryal para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay na nasa video o animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa***<br>Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Hapon<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat at tugma, talinghaga at estilo) at detalye (paksa, nilalaman at kaisipan) ng tula<br>(b) Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang diwa/ imahen sa tula<br>(c) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tula batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>(d) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tula) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda<br>(e) Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (sukat, tugma,tono at talinghaga) ng tula<br>(f) Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon |
| **C. Nilalaman** | -Tanaga bilang larawan ng kasaysayan<br>- Baliktanaw sa kasaysayan ng tanaga sa bansang Pilipinas<br>-Mga tanaga ni Ildefonso Santos<br>-Katangian ng tanaga (elemento ng tula/ elementong panlinggwistika)<br>-Mga Halimbawang Tanaga<br>-Pormal / Di Pomal na Wika |

| **D. Integrasyon** | Mga Isyung Pangkapaligiran at Pangkalikasan |
|---|---|

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Salazar, L., Atienza, O., Ramos, M., Nazal, A., (1995). Panitikang Filipino *Pangatlong Edisyon.* Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City

Santiago, E., Kahayon, A., Limdico, M., (1989). Panitikang Filipino. National Book Store. Mandaluyong City


Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Sauco, C., Papa, N., Sta. Ana, N., (1997). Panitikang Filipino (Pandalubhasaan). Katha Publishing, Co. Inc. Quezon City


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**
**VENN DIAGRAM** – Ibigay ang katangian ng haiku at tanka gamit ang venn diagram. Isulat ang pagkakatulad ng dalawa sa gitna nito.




**GABAY NA TANONG:**
1. Bakit naging mahalagang impluwensiya ng mga hapon ang haiku at tanka sa panitikang Pilipino?
2. Paano mo mapahahalagahan ang kaalaman at kasanayang nakuha mo mula sa araling ito?

</td><td>Maaaring gawing oral o pangkatan ang balik-aral batay sa pagbibigay ng pagkakaiba at pagkakatulad ng haiku at tanka.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td>2. Pidbak (Opsiyonal)</td><td></td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br><br>ALAM MO BA?<br><br>Si Ildefonso Santiago Santos ay isang kilalang manunulat sa Tagalog noong panahon ng Amerikano. Ipinanganak noong Enero 23, 1897, sa Baritan, Tambobong (ang kasalukuyang Malabon), siya ay kinilala bilang isa sa mga pinakamahusay na makata sa Tagalog. Isa sa kanyang mga naging kilala ay ang pagsasalin niya ng Rubaiyat ni Omar Khayyam at ng Pambansang Awit ng Pilipinas. Bukod dito, kilala rin siya sa paggamit ng sinaunang anyo ng tula sa Pilipinas na tinatawag na tanaga. Ang Ama niyang si Ildefornso P. Santos Jr ay kinilalang National Artist para sa kanyang kahusayan sa arkitektura.<br>Sa kanyang kabataan, si Santos ay nagmula sa isang mahirap na pamilya ngunit may malalim na interes sa panitikan. Bilang isang estudyante sa Malabon Elementary School, binabasa niya nang malakas ang iba't ibang awit at korido tulad ng "Don Juan Teñoso," "Don Alejandro at Don Luis," at "Ibong Adarna" sa kanyang matandang tiyahin na hindi marunong magbasa o sumulat. Ito ang nagbigay inspirasyon sa kanya na maging makata. Noong ika-limang baitang, kasama ng kanyang kaibigan, naglathala siya ng simpleng peryodiko ng tula na ibinebenta nila sa isang sentimo. Ang malapit na ugnayan niya sa pinsan na makata na si Leonardo A. Dianzon ang nag-udyok sa kanya na ituloy ang kanyang interes sa tula. Si Dianzon ang unang nakakilala sa kanyang galing sa pagsusulat ng mga tula sa Tagalog at tinulungan siyang mailathala ang kanyang tula sa "Ang Mithi" gamit ang pangalang pena na "Ilaw-Silangan," kahit na siya ay nasa elementarya pa lamang. Ipinakita ni Santos ang kanyang husay sa pagtuturo at naging punong-guro ng Marikina Elementary School. Sa kabila ng kanyang mga responsibilidad, patuloy pa rin siyang sumusulat ng mga tula tulad ng "Gabi," "Ang Ulap," "Ang Guryon," "Taga-Ilog," at "Sa Tabi ng Dagat," na nailathala sa "Ang Mithi" at pinalakip sa "Liwayway".<br><br>Gabay na tanong:<br>1. Isa-isahin ang mahahalagng imprmasyon tungkol kay Ildefornso Santos.<br>2. Magbigay ng mga impormasyon patungkol sa kaugnayan ni Indefornso sa pagsulat gaya ng tula.</td><td>Babasahin ng mga mag-aaral ang teksto at sasagtin ang tanong para sa talakayan.<br><br>Link:<br>https://en.wikipedia.org/wiki/Ildefonso_Santos<br><br>Mga Tamang Sagot:<br>1. regulasyon<br>2. artista</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Bakit kaya nagkakaroon ng interes ang isang kabataan noon sa pagsulat ng tula? Kung iuugnay mo sa kasalukyan, bakit nawala ang interes ng kabataan sa pagsulat ng tula?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**TALASALITAAN**<br>Piliin sa kahon ang di pormal na katumbas na salita sa bawat bilang.<br>artista Pinoy<br>tsismis regulasyon<br>ipinanganak<br><br>1. alituntunin<br>2. alagad-sining<br>3. salin-sabi<br>4. isinilang<br>5. Pilipino | 3. tsismis<br>4. ipinanganak<br>5. Pinoy |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA- IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: ________________________________**<br>**Tanaga, Katutubong Tulang Pilipino**<br>Allan A. Ortiz<br>Ang tanaga ay isang maikling katutubong Pilipinong tula na kinaugaliang ginagamit sa wikang Tagalog. Ito'y may malalim na kasaysayan sa Pilipinas at hindi lamang simpleng anyo ng tula, kundi bahagi na rin ng kultura ng mga sinaunang Pilipino. Binubuo ito ng apat na taludturan na may pituhang pantig bawat taludtod. Ang makabagong tanaga ay ginagamit sa iba't ibang wikang Pilipino at Ingles dahil sa kanyang katanyagan noong ika-20 siglo. Lumaos ito sa huling bahagi ng ika-20 siglo, ngunit muling isinilang ito ng kapanlahatan ng mga Pilipinong alagad-sining sa ika-21 siglo.<br>Sa orihinal na Tagalog, ang tanaga ay may ganitong estruktura: "Catitibay ca tolos sacaling datnang agos! aco'I momonting lomot sa iyo, I popolopot." Sa makabagong ortograpiya ng Tagalog, ito ay naging: "Katitibay kang Tulos Sakaling datnan ng agos! Ako ay mumunting lumot sa iyo ay pupulupot." | Ipabasa sa mga mag-aaral ang teksto at talakayin.<br><br>Links:<br>https://tl.wikipedia.org/wiki/Tanaga<br>https://www.sanaysay.ph/tanaga-examples/<br>https://www.tagaloglang.com/ano-ang-tanaga/<br>https://haiku-tagalog.blogspot.com/2012/08/halimbawa-ng-tanaga-part-1.html |

Ipinapalagay na ang tanaga ay kina Prayleng Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar ni Vim Nadera, at sinipi nila ang sinabi nilang “Poesia muy alta en tagalo, compuesta de siete silabas, y cuatro versos, llena de metafora” (ika-16 na siglo) o “Medyo mataas ang panulaan sa Tagalog, binubuo ng pitong pantig, at apat na taludtod, puno ng metapora.”

Tulad ng haiku ng Hapones, kinaugaliang walang pamagat ang mga tanaga. Sila ay mga matulaing anyo na nagsasalita para sa kanilang sarili. Ipinapasa-pasa ang karamihan sa pamamagitan ng sali’t saling sabi, at naglalaman ng mga salawikain, araling moral, at pira-piraso ng alituntunin ng pag-uugali.

Bagamat itinuturing itong namamatay na anyo ng sining, kasalukuyang isinisilang muli ito ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining. Ang mga grupong PinoyPoets, ay itinataguyod ang Filipinong panulaan sa Ingles.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **PANGKATALAKAYAN -** Hahatiin ang klase sa pangkat upang gawin ang pangkatang talakayan gamit ang mga *graphic organizers.* Ibabahagi sa klase ang ma impormayong kanilang naitala.

   *Pangkat 1*
   Ilagay sa kahon ang mga mahahalgang pangyayari kaugnay sa pag-unlad ng tanka sa Pilipinas.




   *Pangkat 2*

Suriin ang tanagang isinulat ni Ildefornso Santos batay sa katangian ng tula (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **Palay**<br>Ni Ildefornso Santos | Anyo: |
| | Sukat: |

| | |
|---|---|
| Palay siyang matino,<br>Nang humangi'y yumuko;<br>Nguni't muling tumayo<br>Nagkabunga ng ginto | Tugma: |
| | Tono: |
| | Talingkahaga: |
| | Elementong Pangliggwistika |

.

*Pangkat 3*

Suriin ang tanaga batay sa katangian ng tula (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika)

| | |
|---|---|
| **Tag-init**<br>Ildefonso Santos<br><br>Alipatong lumapag<br>Sa lupa — nagkabitak,<br>Sa kahoy nalugayak,<br>Sa puso — naglagablab! | Anyo: |
| | Sukat: |
| | Tugma: |
| | Tono: |
| | Talingkahaga: |
| | Elementong Pangliggwistika |

*Pangkat 4*

Suriin ang tanaga batay sa katangian ng kultura at elemento (elemento ng tula/ elementong panglinggwistika

| **Kabibi**<br><br>Ildefonso Santos<br><br><br>Kabibi, ano ka ba?<br>May perlas, maganda ka;<br>Kung idiit sa taynga,<br>Nagbubunitunghininga! | Pahiwatig: |
|---|---|
| | Simbolo: |
| | Talinghaga: |
| | Larawang-diwa: |
| | Imahen: |

**Rubric:**

Bilang ng Pangkat: ______________________ Marka: _________

| MGA PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (4) | NATATANGI (3) | MAHUSAY (2) | KAILANGAN PA NG PAGSASANAY (1) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad | Napaka –ayos at angkop ang ginawang paglalahad | Maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos at angkop ang ginawang paglalahad | Malabo ang ginawang paglalahad |
| Nilalaman | Napakalinaw ng nilalaman ng ulat | Malinaw ng nilalaman ng ulat | Hindi gaanong malinaw ng nilalaman ng ulat | Malabo ang nilalaman ng ulat |
| Kawastuhan | Higit na tama ang mga detalye at impormasyon | Sapat ang mga detalye at impormasyon | May isa o dalawang mali sa mga detalye at impormasyo n | Maraming mali sa mga detalye at impormasyon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kagamitan | Higit na nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Hindi gaanong nakatulong ang ginamit na props Sa ginawang pag-uulat | Walang ginamit na props sa ginawang pag-uulat |
| Pagkakasunos-sunod | Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Hindi gaanong maayos ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad | Lubhang magulo ang pagkakasunod-sunod ng ginawang paglalahad |

1. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   **TANONG-TUGON:** Punan ang sumusunod na katanungan.

| Tanong | Tugon |
|---|---|
| 1. Paano nagsimula ang pagsulat at paglaganap ng tanaga sa Pilipinas? | |
| 2. Bakit mahalaga ang kasanayan ng paggamit ng elemento ng tula sa pagsulat ng tanaga? | |
| 3. Paano mo mailalarawan ang pagsulat ng tanaga ni Ildefonso Santos? | |
| 4. Paano mo pahahalagahan ang ang pagsulat tula ng mga Pilipino gaya ng pagsulat ng tanaga? | |

**IKAAPAT NA ARAW**

2. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**BALITAKTAKAN** – Magkakaroon ng malayang pagbabahaginan ang mga mag-aaral batay sa kanilang opinion o saloobin tungkol sa sumusunod na usapin:

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Pagpapahalaga ng pamahalaan sa proteksyon sa kalikasan<br>2. Disiplina ng mga Pilipino sa pangangalaga sa kalikasan | I-proseso ang sagot ng mga mag-aaral.<br>Ituon sa integrasyong:<br>• Mga Isyung Pangkapaligiran at pangkalikasan |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**LAPAT-SULAT. -** Sumulat ng sariling tanaga na pumapaksa sa kalikasan.<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>____________________________ | Dapat ang linya ay hindi patalata bagkus ay linya para sa tanaga |

| KRAYTERYA/ DESKRIPSYON | NAPAKAHUSAY (5) | MAHUSAY (4) | KATAMTAMAN (3) | PAPAUNLAD (2) | NANGANGAILANGAN NG GABAY (1) |
|---|---|---|---|---|---|
| **Sangkap ng Tula (Sukat at Tugma)** | Napakahusay at wasto ang pagkakagamit ng sukat at tugma sa taludturan. | Mahusay at wasto ang pagkakagamit ng sukat at tugma sa taludturan. | May kaunting kamalian sa pagkakagamit ng sukat at tugma sa taludturan. | Maraming napunang bahagi ng tula na walang sukat at tugmaan. | Walang sukat at tugma sa taludturan. |
| **Paggamit ng matatalinghagang pahayag** | Napakahusay ng paggamit ng matatalinghag ang pahayag na nagbigay ng kasiningan sa binuong tula. | Mahusay ng paggamit ng matatalinghag ang pahayag na may bahagyang dapat ayusin. | May mga ginamit na matatalinghag ang pahayag subalit may ilan na hindi ganap ang kaugnayan sa | May mga ginamit na matatalinghag ang pahayag subalit maraming hindi maiiugnay sa tulahindi sapat | Walang ginamit na matatalinghaga ng pahayag sa tula. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | \damdamin ng tula. | ang kansiningan nito. | |
| **Nilalaman** | Napakamalaman, makabuluhan at masining ng nilalaman na masasalamin ang kulturang ipinaksa sa tula. | Mahusay ang nilalaman, kabuluhan at kasiningan ng nilalaman na masasalamin ang kulturang ipinaksa sa tula. | Karaniwan ang husay ng nilalaman, kabuluhan at kasiningan ng nilalaman na masasalamin ang kulturang ipinaksa sa tula. | May kakulangan sa husay ng nilalaman, kabuluhan at kasiningan ng nilalaman na bahagyang masasalamin ang kulturang ipinaksa ng tula. | Hindi maunawaan ang nilalaman ng tula. |
| **Pamamahala ng Oras at Pagtupad sa Responsibilidad** | Naipasa ang gawain sa itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain isang araw pagkatapos ang itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain dalawang araw pagkatapos ang itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain tatlong araw pagkatapos ang itinakdang panahon. | Naipasa ang gawain 4 o higit pang araw sa itinakdang panahon.<br><br>Hindi nagpasa. |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**NILAY-HAYAG:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.

Sa araling ito:

- Nalaman kong ________________________________________.
- Naranasan kong ______________________________________.
- Naramdaman kong ____________________________________.

| | | |
|---|---|---|
| | • Para sa akin, ang mga panitikan sa panahon ng katutubo ay______________.<br>• Bilang mag-aaral_____________________________.<br><br>**GABAY-NILAY**: Pasulat<br>Isulat sa isang talata ang sagot sa mga sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang naging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?<br>2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?<br>3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>**Panuto:** Basahin at unawain ang tanka at suriin ito sa pagsagot sa mga tanong sa bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br><br>**ULING**<br>Putul-putol na ugat,<br>Sa dibdib nitong gubat,<br>Ay nakikipag-usap,<br>Sa nag-iwi ng tabak!<br>https://haiku-tagalog.blogspot.com/2012/08/halimbawa-ng-tanaga-part-1.html<br><br>1. Ano ang simbolismo ng uling sa tula?<br>A. katutubong tao<br>B. taong mahina<br>C. sinunod na kahoy<br><br>2. Ano ang ipinahihiwatig ng “nag-iwi ng tabak”?<br>A. Pagpapakita ng paghahangad ng katarungan at kalayaan.<br>B. Pagpapakita ng galit ng taong gumagawa ng masama.<br>C. Pagkilala sa isang tao o puwersa na may malakas na impluwensiya o Kapangyarihan. | **Mga Tamang Sagot**:<br>1. B<br>2. C<br>3. A<br>4. C<br>5. A<br>6. A<br>7. C<br>8. C<br>9. C<br>10. A |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ano ang talinghaga ng tanaga?<br>A. Nagpapakita ng pagkakaroon ng boses at kapangyarihan sa kabila ng pagiging putol-putol o hindi kumpleto.<br>B. Paghahangad ng kapangyarihan ng mga maimpluwensyang tao.<br>C. Pagiging timi at tahimik sa mga maseselang usapin sa lipunan.<br><br>**TUNAY NA SAKIT**<br>Minumura ng ilan,<br>At nilalapastangan,<br>Habagat ba'ng dahilan<br>Baha sa kapatagan?<br><br>4. Ano ang simbolismo ng minumura ng ilan?<br>A. Pang-aalipin ng mga api.<br>B. Pagkakaroon ng di pagkaunawa mula sa iba.<br>C. Sa pagsapit ng gabi ay may bagong suliraning darating.<br><br>5. Ano ang sinisimbolo ng nilapastangan sa tula?<br>A. pagsubok<br>B. pagkalinga<br>C. pagpili<br><br>6. Ano ang ipinahahayag ng habagat at baha sa kapatagan?<br>A. Nagpapahayag ng pag-ulan ng paghihirap na maaaring dulot ng mga pagsubok sa buhay.<br>B. Nagpapakita ng labis na biyayang dulot ng pag-ulan na kailangan ng tao para sa sakahan.<br>C. Nagpapakita ng katatagan ng mga tao sa mga bagyo.<br><br>7. Ano ang talinghagag ipinararating ng tanaga sa mga mababasa?<br>A. Ang tunay na pagdurusa ay mas malalim at hindi palaging nakikitasa sa labas.<br>B. Ang paghihirap ng tao ay dulot ng mga tao sa paligid.<br>C. Maraming pagsubok na pinagdaraanan ng tao kaya nagiging metatag ang mga Pilipino. | |

**WALANG MALAY**
Ang ulan ay pag-asa,
Sa mga magsasaka
At sikmura ng bansa,
Bakit tingi'y pinsala?
https://haiku-tagalog.blogspot.com/2012/08/halimbawa-ng-tanaga-part-1.html

8. Ano ang simbolismo ng ulan sa tanagang "Walang Malay"?
   A. suiranin at pagsubok
   B. pag-asa at pagbabago
   C. pagbaha

9. Ano ang kahulugang tinutukoy ng "sikmura ng bansa"?
   A. kalagayan ng pamahalaan
   B. kabuhayan ng mga mayayaman
   C. pangkalahatang buhay ng lipunan

10. Ano ang talinghagang nakapaloob sa tanagang "Walang Malay"?
   A. Nagpapakita ng pagakaroon ng pag-asa at pag-aalala sa mga pagbabago sa buhay.
   B. Nagpapamalas ng pag-asa sa buhay ng mga mamamayan.
   C. Nangangahulugang ang buhay ay puno ng agsubok at kailangang taggapin ito.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
- Ibigay ang kahulugan ng dula.
- Isa-isahin ang mga element ng dula
- Basahin ang dulang "Sa Pula, Sa Puti"
- Magsaliksik tungkol sa kohesyong gramatikal

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |